Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County ng County ng Los Angeles

DEAN C. LOGAN
Tagapagrehistro-Tagapagtala/
Klerk ng County

# Panunumpa sa Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

**Basahing mabuti ang mga tagubilin bago kumpletuhin ang pahayag.**
**Ang iyong balota ay maaaring hindi mabilang kung hindi mo susundin ang mga tagubiling ito.**

Mahal na Botante,

Natanggap ng aming opisina ang iyong balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa isang sobre na iba sa iyong inisyu na sobre ng pagkakakilanlan ng botante. Ang iyong pirma na nagpapatunay ng iyong pagiging karapat-dapat ay iniaatas ng batas. Upang maibilang ang iyong balota, mangyaring kumpletuhin, pirmahan at ibalik itong Panunumpa sa Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.

Ako, ______________________________________________, ay isang nakarehistrong botante ng County ng Los Angeles,
(Ilimbag ang Iyong Pangalan)
Estado ng California. Ako ay nagpapahayag sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong pahayag na ako ay humiling at nagbalik ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at ako ay hindi nag-aplay, at hindi nagnanais na mag-aplay para sa isang balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo mula sa alinmang ibang hurisdiksyon para sa kaparehong halalang ito. Naiintindihan ko na kung ako ay gagawa o magtatangka ng anumang pandaraya na may kaugnayan sa pagboto, o kung ako ay tutulong o magkukunsinti sa pandaraya o pagtatangkang tumulong o kumunsinti sa pandaraya na may kaugnayan sa pagboto, ako ay maaaring mahatulan ng isang peloni na maparurusahan ng pagkabilanggo ng 16 na buwan o dalawa o tatlong taon. Naiintindihan ko na ang aking kabiguang pumirma sa panunumpa na ito ay nangangahulugang ang aking balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay pawawalang bisa.

(Pinirmahan) X______________________________________________
Pirma ng Botante (ang kapangyarihan ng abugado ay hindi matatanggap)

Kung ang botante ay hindi kayang pumirma, siya ay maaaring magmarka na may isang taong testigo.
(Testigo) ______________________________________________

Pinetsahan sa ika- __________ araw ng ____________ , 2020.

Direksiyon ng tirahan ng botante: ______________________________________________

Sa sandaling makumpleto ang Panunumpa sa Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, mangyaring gumamit ng isa sa mga opsyon na nakalista sa ibaba upang ibalik ito sa opisina ng Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County ng County ng Los Angeles (RR/CC) sa 12400 Imperial Highway, Norwalk, CA 90650. Kung mayroon kang mga katanungan, mangyaring tawagan kami sa (800) 815-2666, opsyon 2.

### Ibalik sa Sentro ng Pagboto/ Kahong Hulugan ng Balota

Maaari mong ihulog ang iyong Panunumpa sa Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo bago lumampas ang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan, ika-3 ng Nobyenbre, 2020 sa alinmang sentro ng pagboto sa County ng Los Angeles o gumamit ng isang nakatalagang kahong hulugan ng balota bago lumampas ang ika-8 ng gabi sa ika-3 ng Nobyembre, 2020.

### Ibalik nang personal

Maaari kang pumunta sa **RR/CC** upang **PIRMAHAN** at ibalik ang Panunumpa sa Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo bago lumampas ang ika-5 ng hapon sa ika-28 ng Nobyembre, 2020.

### Ibalik sa pamamagitan ng Koreo

Ang Panunumpa sa Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay maaaring ipakoreo sa kalakip na sobre at dapat matanggap ng **RR/CC** bago lumampas ang ika-5 ng hapon sa ika-28 ng Nobyembre, 2020.

### Ibalik sa pamamagitan ng fax/email

Maaari mong i-fax ang iyong Panunumpa sa Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa Seksiyon ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa (877) 614-1127 o (562) 232-7924 o mag email sa votebymail@rrcc.lacounty.gov bago lumampas ang ika-5 ng hapon sa ika-28 ng Nobyembre, 2020.